Jefferson Union High School District

ADMINISTRATIVE OFFICES – SERRAMONTE DEL REY
699 Serramonte Boulevard, Suite 100
Daly City, California 94015-4132
(650) 550-7900 • FAX (650) 550-7888

Board of Trustees
Maria S. Luna
Jeanne L. Matysiak
David K. Mineta
Thomas A. Nuris
Katherine C. Zarate

Michael J. Crilly
Superintendent

Setyembre 2, 2009

Mahal naming Mga Magulang at Tagapangalaga,

Inalerto ng Pambansang Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (National Center for Disease Control and Prevention) ang lahat ng mga paaralan sa maaaring pagtaas ng mga kaso ng trangkaso sa taglagas at hanggang sa taglamig. Siyempre, ang pangunahing inaalala ay ang H1N1 (Swine Flu) virus at ang mga paraan ng pag-iwas upang mabawasan ang maaaring pagkalat nitong virus. Nais kong ipabatid sa inyo ang mga bilin na ibinigay namin sa aming mga paaralan at ibigay din ang ilang mga pag-iingat na magagawa ninyo bilang mga magulang at tagapangalaga upang matiyak ang pinakakaunting epekto sa inyong pamilya at sa ating mga paaralan.

Bilang dagdag sa pakikipagtulungan sa aming kawani, ang Distrito ng Mataas na Paaralan ng Jefferson Union ay nakikipagtulungan din sa Opisina ng Edukasyon sa San Mateo County at sa Departamento ng Kalusugan sa San Mateo County upang isaayos ang mga plano at subaybayan ang anumang mga biglaang pagkalat ng trangkaso.

Hiningi na rin namin sa aming mga estudyante at kawani na gawin palagi ang mabuting paghuhugas ng kamay at wastong gawi kaugnay sa paghinga. Partikular, ang mabuting paghuhugas ng kamay ay nangangahulugang madalas na paghuhugas ng sabon at tubig o mga panlinis ng kamay. Inirerekomenda na ang paghuhugas ng kamay ay magtagal nang 20 segundo upang maging mabisa. Hinihingi ng wastong gawi kaugnay sa paghinga na takpan ng lahat ang kanilang mga ilong at bibig ng tisyu kapag umuubo o bumabahing (dapat gumamit ang estudyante o nasa tamang edad ng manggas o siko kung walang magagamit na tisyu). Nagbigay kami ng maraming ganitong mga produkto sa lahat ng aming mga paaralan.

Hiningi namin sa aming kawani na maging alerto sa mga estudyante na maaaring nakakaranas ng mga sintomas ng trangkaso. Kung ang isang estudyante ay nagpapakita ng mga sintomas ng trangkaso, papupuntahin sila sa opisinang pangkalusugan upang masuri. Pauuwiin sila kung kinakailangan. Bilang pag-iingat, at alinsunod sa Pambansang Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, ang ganitong mga estudyante ay ibubukod at hihinging magsuot ng maskarang pantakip sa ilong at bibig hanggang sunduin sila ng magulang. Makakatulong ang mga magulang sa pagpapanatili sa mga estudyante sa bahay kapag nakakaranas sila ng mga sintomas ng trangkaso. Huwag sanang papapasukin sa paaralan ang mga maysakit na estudyante.

Hinihingi namin na manatili sa bahay ang sino mang estudyanteng maysakit. Pinapayuhan ng Pambansang Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit ang mga estudyante na manatili sa bahay hanggang di-bababa sa 24 oras pagkatapos na wala na silang lagnat o palatandaan ng lagnat, nang hindi gumagamit ng mga gamot na pampababa ng lagnat. Hinihingi namin ang inyong kooperasyon upang mapanatili nating ligtas ang ating mga estudyante at kawani.

Lahat ng mga magulang ng mga estudyanteng may mataas na peligro (hika, diyabetis, huminang mga immune system, buntis o may mga neuromuscular na karamdaman, atbp.) ay dapat komunsulta sa kanilang tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan hinggil sa anumang mga espesyal na pag-iingat na dapat gawin bago ang biglaang pagkalat. Inabisuhan kami na ang mga estudyanteng ito ay may mas mataas na peligro sa mga problemang kaugnay ng trangkaso.

Patuloy na bukas ang paaralan kahit pa magkasakit ang ilang mga estudyante o kawani. Hindi gaya noong nakaraang tagsibol sa unang mga kaso ng Swine Flu, hindi na ipinapayo ng Pambansang Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit na isara ang paaralan. Anumang situwasyon sa ating distrito ay masusing susubaybayan. Gayunpaman, ang paaralan ay isasara kapag ipinayo ng Departamento ng Kalusugan sa San Mateo County. Susubukan naming manatiling nakikipag-ugnayan sa inyo, mga magulang at tagapangalaga, kung magkaroon ng mga kondisyong mangangailangan ng ganoong pagsasara.

Panghuli, gumagawa kami ng mga plano upang ipagpatuloy ang klase kahit pa magkaroon ng maraming mga pagliban sa paaralan. Bagaman pinahahalagahan ang kaligtasan, ang edukasyon ng inyong anak ay aming responsibilidad. Gagamitin namin ang sari-saring mga paraan kabilang ang paggamit ng Internet at lokal na teknolohiya upang ipagpatuloy ang mga takdang aralin at gawain sa paaralan, kung sakaling mangyari ang totoong pandemic.

Muli, maaari nating mapanatiling kaunti ang epekto ng trangkaso kung susundin natin ang mga pangunahing pag-iingat: madalas na paghuhugas ng mga kamay, pagtatakip para sa mga pagbahing at pag-ubo, at higit sa lahat pananatili sa bahay kapag maysakit. Hinihingi namin na suportahan ninyo ang mga pagsisikap ng aming paaralan upang mapanatiling ligtas ang lahat at kaunti lamang ang epekto ng trangkasong ito.

Taos-puso,

Michael J. Crilly
Superintendiyente